# PAGLIBAN DAHIL SA PANGANGALAGA NG PAMILYA AT MEDIKAL NA DAHILAN AT KAWALAN NG KAKAYAHAN DAHIL SA PAGBUBUNTIS

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA



**Sa ilalim ng batas ng California, maaaring mayroon kang karapatang gumamit ng protektadong pagliban sa trabaho upang alagaan ang iyong sarili dahil sa malubhang kondisyon sa kalusugan o miyembro ng pamilya na may malubhang kondisyon sa kalusugan, o makasama ang bagong anak (sa pamamagitan ng panganganak, pag-ampon, o pagkupkop bilang foster na anak). Inaatas din ng batas ng California sa mga employer na magbigay ng protektadong pagliban at akomodasyon sa trabaho sa mga empleyadong nawalan ng kakayahan dahil sa pagbubuntis, panganganak, o kaugnay na medikal na kondisyon.**

Sa ilalim ng California Family Rights Act of 1993 (Batas sa Mga Karapatan ng Pamilya sa California, CFRA), kung mayroon kang higit sa 12 buwan ng serbisyo sa amin at nagtrabaho ka nang hindi bababa sa 1,250 oras sa 12 buwan na panahon bago ang petsa kung kailan mo gustong simulan ang iyong pagliban, at kung mayroon kaming lima o higit pang empleyado, maaaring may karapatan ka sa pagliban para sa pangangalaga ng pamilya o medikal na kadahilanan (pagliban ng CFRA). Ang pagliban ito ay maaaring umabot sa hanggang 12 linggo ng trabaho sa 12 buwan na panahon para sa panganganak, pag-ampon, o paglagay ng iyong anak sa foster care o para sa malubhang kondisyon sa kalusugan mo o ng iyong anak, magulang, biyenan, lolo o lola, kapatid, asawa, o domestic partner. Bagaman nagbibigay lamang ang batas ng hindi bayad na pagliban, maaaring piliin ng empleyado o maaaring iatas ng mga employer ang paggamit ng mga naipong may bayad na pagliban habang ginagamit ang pagliban ng CFRA sa ilalim ng ilang sitwasyon.

Kahit na hindi ka kwalipikado para sa pagliban ng CFRA, kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanang dulot ng pagbubuntis, panganganak o kaugnay na medikal na kondisyon, may karapatan ka sa pagliban dahil sa kawalan ng kakayahan dahil sa pagbubuntis nang hanggang apat na buwan, depende sa (mga) panahon ng iyong aktuwal na kapansanan. Kung kwalipikado ka sa CFRA, mayroon kang ilang karapatan para gumamit ng PAREHONG pagliban dahil sa kawalan ng kakayahan dahil sa pagbubuntis at pagliban ng CFRA nang dahil sa pagsilang sa iyong anak. Ang parehong pagliban ay naglalaman ng garantiya ng pagbalik sa dating posisyon sa trabaho – sa parehong posisyon para sa kawalan ng kakayahan dahil sa pagbubuntis at sa pareho o katulad na posisyon para sa CFRA – sa pagtatapos ng pagliban, na napapailalim sa anumang depensang pinapahintulutan sa ilalim ng batas.

Kung posible, dapat kang magbigay ng paunang abiso na hindi bababa sa 30 araw para sa mga inaasahang pangyayari (tulad ng inaasahang pagsilang ng sanggol o planadong medikal na paggamot para sa iyong sarili o miyembro ng pamilya). Para sa mga hindi inaasahang pangyayari, kailangan namin na maabisuhan mo kami, kahit sa pasalitang paraan, sa oras na malaman mo ang tungkol sa pangangailangan para sa pagliban. Ang kabiguang sumunod sa mga tuntunin sa abiso na ito ay maaaring maging batayan para sa, at maaaring magresulta sa, pagkaantala sa hiniling na pagliban hanggang sa makasunod ka sa patakaran sa pag-abiso na ito.

Maaaring kailanganin namin ng sertipikasyon mula sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan bago ka payagang lumiban dahil sa kawalan ng kakayahan dahil sa pagbubuntis (pregnancy disability) o para sa iyong sariling malubhang kondisyon sa kalusugan. Maaaring kailanganin din namin ng sertipikasyon mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng miyembro ng iyong pamilya na may malubhang kondisyon sa kalusugan, bago pahintulutan ang iyong pagliban para alagaan ang miyembro ng pamilya na iyon. Kapag medikal na kinakailangan, maaaring lumiban ayon sa hindi regular o binawasang iskedyul sa trabaho.

Kung ikaw ay liliban para sa panganganak, pag-aampon, o paglalagay sa foster care ng isang bata, ang pangunahing pinakamababang haba ng panahon ng pagliban ay dalawang linggo, at dapat mong tapusin ang pagliban sa loob ng isang taon ng panganganak o paglalagay para sa pag-ampon o foster care.

Maaaring makaapekto ang paggamit ng family care leave o pregnancy disability leave sa ilang partikular na benepisyo mo at sa iyong petsa ng senyoridad. Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado mo para sa isang leave at/o sa epekto ng leave sa iyong senyoridad at mga benepisyo, makipag-ugnayan sa iyong employer.

---

**Kung nakaranas ka ng diskriminasyon, pangha-harass, o paghihiganti sa trabaho, o hindi ka binigyan ng PDL o pagliban sa ilalim ng CFRA, maghain ng reklamo sa Departamento ng Patas na Trabaho at Pabahay (Civil Rights Department, CRD).**

## PARA MAGHAIN NG REKLAMO

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil**
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess
Walang Toll: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon, maaari kang tulungan ng CRD sa iyong reklamo. Makipag-ugnayan sa amin gamit anumang paraang nasa itaas, o para sa mga indibidwal na bingi o may kahirapan sa pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711).